3 Naturalisasyon (pagkuha ng Japanese citizenship)

Sa naturalisasyon ang pagkakaloob ng Japanese citizenship. Ito ang malaking kaibahan ng naturalisasyon sa permanent residency. Kailangang sumailalim sa proseso ng naturalisasyon upang mapagkalooban ng Japanese citizenship ang isang dayuhan. Hindi kinikilala sa Japan ang paghawak ng dalawang nasyonalidad (o dual citizenship) kung kaya kailangan na isuko ang orihinal na nasyonalidad. Kung walang pahintulot mula sa Ministry of Justice ng Japan, kahit na magpakasal pa sa Hapon o di kaya'y inampon ng Hapon, hindi kusang mapapalitan o mabibigyan ng Japanese citizenship.

Ang pag-aaplay ng naturalisasyon ay isinasagawa sa Legal Affairs Bureau (o Houmukyoku) ng bawa't rehiyon. Kapag pinahintulutan, mawawalan ng bisa ang inyong status of residence o visa at ipapasok kayo sa Japan Registry, mapaparehistro bilang karaniwang mamamayan at mabibigyan ng karapatang bumoto sa halalan, magtrabaho at magbayad ng buwis bilang Hapon. Para sa karagdagang detalye, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na Legal Affairs Bureau (Houmukyoku). May babayarang processing fee.